Ligtas na Pagbibigay ng mga Interbensyon sa Nutrisyon sa konteksto ng COVID-19

vitamin angels

Bakit ba mahalaga ang patuloy na makapagbigay ng mga interbensyong pangnutrisyon sa panahon ng pandemya?

Dahil sa pagkagambala sa mga sistemang pampagkain dulot ng COVID-19, mahirap panatiliin ang wastong nutrisyon para sa mga kababaihang nagbubuntis at sa mga batang edad 5 pababa Lahat ng mga batang may edad 6 hanggang 59 na buwan at mga kababaihang nagbubuntis —kasama ang mga pinaghihinalaan o kumpirmadong kaso ng COVID-19 — ay dapat patuloy na makatanggap ng suplimentasyon. Subalit, dahil sa panganib ng pagkalat ng COVID-19, ang mga diskarte sa pamamahagi at mga protokol sa pagbibigay ng serbisyo ay dapat isaayos at isaalang-alang ang mga pamamaraan sa pag-iwas sa pagkalat ng impeksyon
o infection prevention and control (IPC) measures.

Mga Pangunahing rekomendasyon para sa ligtas na paghahatid ng serbisyo

Regular na pag i-screen para sa COVID-19 ng mga tagapagbigay serbisyo.



Panatiliin ang pisikal na distansya.

Magsuot ng mask. Takpan ang iyong ilong at bibig.

MGA PANGUNAHING REKOMENDASYON	PIRMIHANG LUGAR AT MGA MASS DISTRIBUTION	HOUSEHOLD DISTRIBUTION
Gawin ang pamamahagi sa labas o kaya ay sa isang maaliwalas at mahangin na lugar.	✔	✔
Magsuot ng mask, mas mabuti kung medical o N-95; kung walang medical mask, magsuot ng mask na gawa sa tela.	✔	✔
Sabihan ang mga kababaihang nagbubuntis, mga tagapag-alaga, at lahat ng mga batang edad 5 taon at pataas na magsuot ng mask.	✔	✔
Sabihan ang lahat ng staff, mga kababaihang nagbubuntis, mga tagapag-alaga, at mga bata na maglinis ng mga kamay bago at pagkatapos ng pagbibigay ng serbisyo. Ang lugar ay dapat may istasyon para sa paghuhugas ng kamay o kaya ay may sapat na dami ng alcohol-based hand sanitizer.	✔	✔
I-screen para sa COVID-19 ang mga kababaihang nagbubuntis, mga tagapag-alaga at mga bata bago magbigay ng mga serbisyo.	✔	✔
Pag-aralang madagdagan ang bilang ng mga araw at ng mga lugar na pagdadausan ng distribution upang mabawasan ang pagsisiksikan at ang panganib ng pagkakahawa-hawaan.	✔	
Pag-aralan ang pag-organisa sa maliliit na grupo ng catchment area Magtakda ng araw ng pagpunta para sa bawat grupo.	✔	
Tignan kung maaaring maipagsama-sama ang paghahatid ng iba't ibang serbisyo tulad ng vitamin A supplementation at pampurga (VAS+D), ang pagbibigay ng multiple micronutrient supplementation (MMS), pagbabakuna, growth monitoring at prenatal check-up	✔	

Paano Mapapanatili ang Pisikal na Distansya sa Maramihang Tao



Panatiliin ang 1-2m sa pagitan ng tagapag-alagang may kasamang bata at tagapagbigay serbisyo



Magtalaga ng lugar na hintayan upang magkaroon ng 1-2m sa pagitan ng mga grupo ng mga pamilya

Hilingin na ang bawat bata ay masasamahan ng isa lamang na tagapag-alaga kung maaari

I-screen ang mga tagapagbigay ng serbisyo alinsunod sa lokal na regulasyon

1. Mag-screen bago pa sa pagbibigay ng mga serbisyong pangkalusugan sa bawat araw
2. Gamitin ang lokal na patnubay at mga protokol
3. Ang pansariling pag-screen ay maaari ring mapag-isipan
4. Ang mga tagapagbigay serbisyo na nakararanas ng mga sintomas tulad ng lagnat at/o mga respiratory illness ay hindi dapat makilahok sa mga serbisyong pangkalusugan at dapat kumunsulta sa angkop na pasilidad

I-screen ang mga nagbubuntis, mga tagapag-alaga, at mga bata

1. Bago magpasimula ng anumang serbisyong pangkalusugan, i-screen para sa sintomas ng COVID-19 ang mga nagbubuntis, mga bata at mga tagapag-alaga.
2. Hindi dapat maging hadlang ang COVID-19 para mabigyan ang isang bata ng vitamin A o pampurga. Lahat ng bata na may edad na 6 hanggang 59 na buwan, maging na-iscreen na positibo o negatibo sa COVID-19, ay dapat na mabigyan ng VAS+D dalawang beses taon-taon. Subalit, kung ang bata ay nakararanas ng hirap sa paghinga o hindi makahinga nang maayos, huwag bigyan ng VAS+D at irefer kaagad ang bata sa pinakamalapit na health center.

Tiyakin na ang pakikihalubilo nang malapitan ay magaganap sa pinakamaikling panahon lamang habang nagbibigay ng serbisyo





Para sa VAS+D, sundin ang lahat ng mga hakbang sa Visual Checklist, ngunit isama rin ang mga sumusunod dahil sa COVID-19:

1. Tumayoo umupo 1-2m ang layo sa mga nagbubuntis, mga tagapag-alaga, o mga ibang miyembro ng pamilya maliban lang kapag nagbibigay ng VAS+D.
2. Huwag hawakan ang mga nagbubuntis, mga tagapag-alaga, o mga bata sa panahon ng pagbisita maliban lang kung ang ibang mga pangkalusugang serbisyo ay ibinibigay, tulad ng prenatal check-up o growth monitoring.
3. Para sa VAS+D, mangyaring ipalagay sa tagapag-alaga ang health card ng bata sa mesa. Nang hindi hinahawakan
ang card, i-check ang pangalan at edad ng bata at ang huling petsa ng pagtanggap ng vitamin A at pampurga.
4. Para sa VAS+D, ipaalam sa mga tagapag-alaga na panandalian mo lamang silang lalapitan upang ibigay ang Vitamin A at pampurga sa mga bata at pagkatapos ay muling babalik sa ligtas na distansya kapag sila ay nabigyan na.

Maghugas ng mga kamay o gumamit ng alcohol-based sanitizer

1. Bago at pagkatapos ng bawat unang kontak sa pagbibigay serbisyo sa buntis o sa bata
2. Matapos na mahawakan ang kahit na anong kagamitan tulad ng gunting, mga bolpen, mga lapis o kagamitang pangmedikal

Tandaan: I-disinfect ang lahat ng suplays at kagamitan bago mag-umpisa sa pagbibigay ng VAS+D at matapos na mahawakan ang anumang kagamitan ng isang nagbubuntis na babae, tagapag-alaga o bata.

"Kinikilala ng Vitamin Angels na may pasasalamat ang paghango ng materyales mula sa "Administration of Vitamin A Supplementation for Preschool-Aged Children in the Context of COVID-19" GAVA, June 22, 2020.